

## INTER-AKTIBONG BROCHURE BILANG SUPLEMENTAL NA KAGAMITANG BABASAHIN AT MALIKHAING PAGSULAT

**LUCKY ROCHELLE P. LALIM**

**DR. IMLEDA G. CARADA**

18-s-fil-006@lspu.edu.ph

0000-0002-5156-7598

Laguna State Polytechnic University Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

### ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang magamit at malaman ang antas ng pagtanggap sa Brochure Bilang Supplemental na Kagamitang Babasahin at makita ang makabuluhang kaugnayan sa antas ng Malikhaing Pagsulat ng mga mag-aaral na may kabuuang bilang na apatnapung (40) tagasagot mula sa ikawalong grado ng Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School. Nilayong sagutin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin batay sa Layunin, Nilalaman, Gawain at Pagtataya?, (2) Ano ang antas ng malikhaing pagsulat ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin, (3) May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng malikhaing pagsulat ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin? at (4) May makabuluhang kaugnayan ba ang paggamit ng brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin sa antas ng malikhaing pagsulat? Ginamit sa pag-aaral ang eksperimental na pamamaraan upang madaling makuha ang mga datos at ang ugnayan ng mga baryabol. Mula sa bawat iskor na nagpapakita ng antas ng malikhaing pagsulat ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin, napatunayan sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng malikhaing pagsulat sa bahagi lamang ng Pagsulat ng Alamat sa Nilalaman na may .049 lebel na signipikant at Pagsulat ng Nobela sa Nilalaman na may .016 lebel na signipikant at Mekanismo ng Pagsulat na may .040 lebel na signipikant. Samantala, walang makabuluhang pagkakaiba sa hindi nabanggit na mga baryabol. Napatunayan naman sa resulta ng pag-aaral na may makabuluhang kaugnayan ng mga sumusunod: Pagsulat ng Alamat (Kaugnayan ng Paksa) sa Nilalaman (.383\*), Pagsulat ng Maikling Kwento (Kaisahan) sa Nilalaman (.324\*), Pagsulat ng Nobela (Kaisahan) sa Layunin (.361\*), Pagsulat ng Nobela (Kaisahan) sa Gawain (.453\*\*), Pagsulat ng Nobela (Kaisahan) sa Pagtataya (.334\*) at Pagsulat ng Nobela (Kaugnayan sa Paksa) sa Gawain (.345\*). Subalit, ang ibang baryabol ay hindi kinakitaan ng makabuluhang kaugnayan. Matapos maanalisa ang mga nakalap na datos, nabuo ng mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon batay sa kinalabasan ng pag-aaral. 1) Natuklasan na may mataas na pagtanggap sa brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin batay sa Layunin, Nilalaman, Gawain at Pagtataya nito. 2) May makabuluhang pagkakaiba ang antas ng malikhaing pagsulat bago at pagkatapos gamitin ang brochure sa Pagsulat ng Alamat (Nilalaman) at Pagsulat ng Nobela (Nilalaman at Mekanismo ng Pagsulat) subalit, walang makabuluhang pagkakaiba sa iba pang baryabol. 3) may kaugnayan ang brochure bilang supplemental na kagamitang babasahin at malikhaing pagsulat sa Pagsulat ng Alamat (Kaugnayan sa Paksa)- Nilalaman, Pagsulat ng Maikling Kwento (Kaisahan)- Nilalaman, Pagsulat ng Nobela (Kaisahan)-Layunin, Pagsulat ng Nobela (Kaisahan)- Gawain, Pagsulat ng Nobela



(Kaisahan)- Pagtataya at Pagsulat ng Nobela (Kaugnayan sa Paksa)- Gawain. Subalit, walang makabuluhang kaugnayan sa iba pang baryabol.

*Mga susing salita: Brochure, Supplemental na Kagamitang Pagtuturo, Kasanayan sa Pagbasa, Malikhaing Pagsulat*